# Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Bakuna Laban sa COVID-19

Nagsumikap ang mga taga-California upang mapabagal ang paglaganap ng COVID-19. Ginagawang available ng Estado ang mga ligtas at epektibong bakuna laban sa COVID-19. Pinangungunahan ng California Department of Public Health (CDPH) ang mga pagsisikap ng California sa pagbabakuna sa pakikipagtulungan ng lahat ng 58 county ng California. I-a-update namin ang mga Tanong at Sagot sa ibaba habang nagkakaroon ng bagong impormasyon.

May tatlong seksyon sa dokumentong ito para matulungan kang makita ang hinahanap mo. Mag-click ng link sa ibaba upang pumunta sa bawat seksyon, o mag-scroll lang sa buong dokumento.

Seksyon 1: Supply ng Bakuna, Kaligtasan, at Paano Gumagana ang mga Bakuna
Seksyon 2: Sino ang Nararapat Magpabakuna, at Paano Ito Makukuha
Seksyon 3: Pahintulot, Pagkapribado, at Iba Pang mga Legal na Tanong

## Seksyon 1: Supply ng Bakuna, Kaligtasan at Paano Gumagana ang mga Bakuna

**Q1. May mga bakuna ba laban sa COVID-19 ang California?**
A1. Oo, available ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna. Nitong Abril 13, 2021, hininto pansamantala ang bakuna ng Johnson & Johnson (na kilala rin bilang J&J o Janssen). Nagsisikap ang mga siyentipiko na lumikha ng iba pang mga bakuna laban sa COVID-19. Mangyaring tandaan na limitado ang mga supply ng bakuna.

**Q2. Paano ibinibigay ang mga bakuna?**
A2. Ang lahat ng bakuna ay itinuturok sa kalamnan (muscle). Ang pinakakaraniwang lugar ay ang itaas na bahagi ng iyong braso. Parehong nangangailangan ng 2 pagturok ang Pfizer-BioNTech at Moderna. Ang taong nagbibigay sa iyo ng unang pagturok ang tutulong sa iyong magsaayos ng appointment para sa pangalawang pagturok.

**Q3. Anong bakuna ang pinakamabuting makuha? Maaari ba akong pumili?**
A3. Ang pinakamabuting bakunang makukuha mo ay ang una mong maaaring makuha! Nagbibigay ng mahusay na proteksyon laban sa malubhang sakit, pagkaka-ospital at kamatayan ang mga bakuna. Hanggang sa mas maraming supply ng bakuna ang maging available, dapat mong kunin ang anumang bakunang available sa oras ng iyong appointment sa pagbabakuna. Ipinagbibigay-alam namin na aabutin ng humigit-kumulang sa dalawang linggo bago ka mabigyan ng proteksyon ng mga bakuna pagkatapos ng huling pagturok sa iyo.

**Q4. May sapat bang mga bakuna para sa lahat ng tao sa California?**
A4. Sa ngayon, hindi sapat ang mga bakuna para sa lahat ng taga-California na nagnanais na magpabakuna. Tingnan ang Seksyon 3 ng dokumentong ito upang malaman kung sino muna ang maaaring makakuha ng bakuna at kung paano mo mapapatunayang nararapat ka. Mahalagang malaman na hindi dahil nararapat ang isang tao sa bakuna ay nangangahulugan nang may available na bakuna sa oras na gustuhin niya ito.

**Q5. Ano ang ginagawa ng bakuna laban sa COVID-19? Paano ito gumagana?**
A5. Naghahandog ang mga bakuna ng mahusay na proteksyon laban sa kung ano ang pinakamahalaga: malubhang sakit, pagkaka-ospital at kamatayan. Wala sa mga bakunang ito ang nagbibigay ng 100 porsyentong proteksyon para sa lahat.

Gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagtuturo sa sarili mong immune system kung paano tukuyin at labanan ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Karaniwang inaabot ng ilang linggo pagkatapos ng pagbabakuna bago makabuo ang katawan ng proteksyon (immunity) laban sa virus.

Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 AT pagsasagawa ng mga hakbang tulad ng pagsusuot ng mask, pagdidistansya sa kapwa, at paghuhugas ng iyong kamay ang mga pinakamahusay na paraan upang protektahan ang iyong sarili at ang mga mahal mo sa buhay.

**Q6. Ligtas ba ang mga bakuna laban sa COVID-19?**
A6. Oo, ligtas at epektibo ang mga bakuna laban sa COVID-19. Nakakapagligtas ng buhay ang mga bakuna at nakakatulong na mabawasan ang naoospital. Tinitiyak ng mga siyentipiko, pederal na pamahalaan, at ng grupo ng mga dalubhasa sa ilang kanlurang estado na ligtas ang bawat bakuna. Milyon-milyong tao sa California at Estados Unidos ang ligtas nang nakatanggap ng mga bakuna laban sa COVID-19.

Habang nalalaman ng mga taga-California kung gaano kaligtas at ka-epektibo ang mga bakuna laban sa COVID-19, inaasahan naming pipiliin ng maraming tao hangga't maaari ang magpabakuna.

**Q7. Gumagana ba ang bakuna (epektibo ba ito)?**
A7. Oo, sa pangkalahatan, napakaepektibo ng mga bakuna. Iba-iba ang bawat bakuna. Napakahalaga na sundin ang mga tagubilin ng iyong doktor para sa bawat bakuna upang umepekto ito nang nararapat. Kung kailangan mong makuha ang dalawang pagturok, dapat mong kuhanin ang dalawang pagturok bago magiging pinakaepektibo ang iyong bakuna. Ipinagbibigay-alam namin na umaabot ng humigit-kumulang sa dalawang linggo pagkatapos ng huling pagturok sa iyo bago ka mapoprotektahan ng mga bakuna.

Mahalagang magsuot ng pantakip sa mukha, magsanay na dumistansya sa kapwa, at maghugas ng kamay nang madalas KAHIT pagkatapos mong magpabakuna. Bagaman maaaring hindi ikaw mismo ang magkasakit, maaaring hindi pa nababakunahan ang ibang tao.

**Q8. Maaari ba akong mabigyan ng COVID-19 ng bakuna?**
A8. Hindi, hindi ka mabibigyan ng COVID-19 ng bakuna. Maaaring narinig mo ang ilang tao na nakakuha ng COVID-19 kahit na nagpabakuna sila. Ito ay dahil hindi sapat ang panahon upang maging epektibo ang bakuna at magbigay ng proteksyon bago sila nahawahan ng COVID-19, hindi dahil ibinigay ng bakuna ito sa kanila.

**Q9. Mababago ba ng bakuna ang DNA ko?**
A9. Hindi, hindi mababago ng mga bakuna laban sa COVID-19 ang iyong DNA.

**Q10. Makakaramdam ba ako ng mga side effect o magkakasakit dahil sa bakuna?**
A10. Maaaring magkaroon ka ng ilang side effect, na mga normal na senyales na nagbubuo ng proteksyon ang iyong katawan. Ang mga side effect na ito ay maaaring makaapekto sa iyong kakayahang gumawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad, ngunit dapat mawala ito pagkalipas ng ilang araw. Ang ilang tao ay walang mararanasang side effect.

Ang mga karaniwang side effect ay pananakit, pamumula, o pamamaga ng braso kung saan ka tinurukan, o pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, panlalamig, lagnat, o naduruwal. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pag-inom ng mga gamot na hindi kailangan ng reseta tulad ng ibuprofen, acetaminophen, aspirin, o mga antihistamine, para sa anumang pananakit at hindi magandang pakiramdam na nararanasan mo pagkatapos mabakunahan.

Kung nag-aalala ka na magkasakit o magkaroon ng allergic reaction, makipag-usap sa iyong doktor bago magpabakuna. Makipag-usap muna sa iyong doktor kung nagkaroon ka na dati ng mga allergic reaction sa mga pagturok, o kung mayroon kang anumang mga katanungan.

**Q11. Gaano katagal aabutin bago umepekto ang bakuna (maprotektahan ka)?**
A11. Ang mga bakuna ay nangangailangan ng dalawang pagturok bago ka maprotektahan ng mga ito. Ang mga bakuna ay nangangailangan ng humigit-kumulang sa 2 linggo bago ka maprotektahan pagkatapos ng huling pagturok sa iyo. Mahalagang magsuot ng mask at sundin ang mga alituntunin sa pagdidistansya sa kapwa KAHIT pagkatapos mong magpabakuna.

**Q12. Saan ako makakahanap ng higit na impormasyon sa mga bakuna laban sa COVID-19?**
A12. Ang mga mahuhusay na sanggunian para sa impormasyon tungkol sa bakuna ay:

- Inilalarawan dito ang bawat isa sa mga naaprubahang bakuna: U.S. COVID-19 Vaccine Product Information | CDC
- https://covid19.ca.gov/vaccines/
- Maaari mo ring tawagan ang COVID-19 Hotline para sa buong Estado: (833) 422-4255
- Centers for Disease Control (CDC) COVID-19 Vaccines Home Page

**Q13. Ano ang mga “monoclonal antibody” na paggamot sa COVID-19 na nabalitaan ko?**
A13. Inaprubahan ng pederal na Food and Drug Administration (FDA) ang dalawang monoclonal antibody na paggamot para sa mga taong mayroong hindi malubhang kaso ng COVID-19, ngunit may mataas na panganib (dahil sa kanilang edad o kondisyon ng kalusugan) na magkasakit at kailanganing magpaospital. Gumagana ang mga paggamot na ito sa pamamagitan ng pagkapit sa mga bahagi ng virus na COVID-19 upang tulungan ang iyong immune system na mas matukoy at malabanan ang virus na COVID-19.

Kung nagpositibo ka sa COVID-19 at sa tingin ng iyong (mga) doktor ay nasa panganib ka na magkasakit, maaaring irekomenda sa iyo na gawin ang paggamot na ito. Ibinibigay ang paggamot sa pamamagitan ng intravenous (IV) infusion. Aabutin ng humigit-kumulang sa 2 oras ang infusion at pag-obserba, at uuwi ka sa parehong araw. Kung sa tingin ng iyong doktor ay kailangan mo ang paggamot na ito, ibibigay ng doktor ang listahan ng mga lugar ng paggamot na malapit sa iyo.

## Seksyon 2:  Sino ang Nararapat at Saan Makukuha ang Bakuna

**Q1.  Kailan ako maaaring bakunahan?**
A1.  Simula Abril 15, ang lahat ng tao sa California na nasa edad na 16 na taong gulang pataas ay maaari nang magpabakuna. Nakikipagtulungan ang mga regional center sa mga lokal na opisyal ng kalusugan ng county upang bakunahan ang mga konsumidor at kawani na nararapat para sa bakuna. Hindi lahat ng county ay magbabakuna ng parehong nararapat na mga grupo sa parehong panahon. Ang bawat county ang magdedesisyon kung kailan babakunahan ang mga tao batay sa kung ilang bakuna ang mayroon sila. Nangangahulugan ito na maaaring hindi ka kaagad mababakunahan, depende kung saan ka nakatira, kahit na nararapat ka.

Ang mga regional center ay nakikipag-ugnay na sa mga karapat-dapat na konsumidor, o sa kanilang mga pamilya at konserbador, upang tulungan silang makakuha ng bakuna. Ang pagiging nararapat ay hindi nangangahulugan na may bakunang kaagad na maaaring ibigay sa iyo kung kailan mo gusto. May limitadong supply ng mga bakuna.

**Q2.  Saan ako maaaring magpabakuna?**
A2.  Maraming iba’t ibang paraan upang makakuha ng bakuna.

- Mag-sign up para sa isang appointment, o para sa notipikasyon kapag may available nang appointment sa https://myturn.ca.gov/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa (833) 422-4255.
- Maghanap ng mga lugar ng pagbabakuna sa pamamagitan ng iyong lokal na kagawaran ng kalusugan ng county, o sa pamamagitan ng iyong regular na tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- May website din ang pederal na pamahalaan na nagpapahintulot sa iyo na maghanap ng mga lugar ng pagbabakuna na malapit sa iyo, kadalasan mula sa isang parmasya ng Walgreens, CVS, RiteAid, Walmart, o tindahan ng Albertsons/Vons/Safeway, at iba pang mga pang-medikal na klinika

## Seksyon 3:  Pahintulot, Pagkapribado, at Iba Pang mga Legal na Tanong

**Q1.  Kinakailangan ba ang pahintulot para mabakunahan?**
A1.  Oo, kailangan ang iyong pahintulot para mabakunahan.

**Q2.  Sino ang maaaring magbigay ng pahintulot para sa isang taong tumatanggap ng mga serbisyo mula sa regional center?**
A2.  Ibinibigay ang pahintulot ng taong nakakagawa ng mga medikal na desisyon. Maaaring kabilang dito ang:

- Maaaring magbigay ng sarili nilang pahintulot ang isang nasa hustong gulang na konsumidor ng regional center. Maaaring humingi ng tulong ang mga konsumidor mula sa kapamilya o iba pang indibidwal na mapagkakatiwalaan nila.
- Kung kinakailangan, ang isang konsumidor ay maaaring humiling sa State Council on Developmental Disabilities na magtalaga ng isang awtorisadong kinatawan

upang tulungan silang gumawa ng mga desisyon

- Mga magulang o legal na tagapag-alaga ng mga menor de edad
- Ang mga taong pinahihintulutan sa ilalim ng Durable Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan
- Mga konserbador ng mga nasa hustong gulang, kung binigyan ng korte ang konserbador ng karapatang gumawa ng mga desisyon tungkol sa medikal na paggamot
- Sa ilang mga kaso, isang Executive Director ng regional center, kapag hindi kayang magdesisyon ng mismong tao at walang iba ang maaaring gumawa para sa kanya

**Q3. Protektado ba ang aking pagkapribado kung magpapabakuna ako laban sa COVID-19?**
A3. Oo. Nakasaad sa batas ng California na hindi ka matutukoy, maliban na lang kung nagbigay ka ng pahintulot sa pagbabahagi ng iyong impormasyon.

**Q4. Kailangan ko bang magpabakuna? Sapilitan ba ito?**
A4. Hindi, hindi mo kailangang magpabakuna. Hindi inaatas ng pamahalaan ng estado at pederal ang pagpapabakuna. Hindi rin maaaring ipag-utos ng mga tagapag-empleyo ang pagpapabakuna. Tingnan ang Ika-12 Sagot sa seksyong ito (Seksyon 3) para sa higit pa tungkol sa mga tagapag-empleyo.

Naniniwala ang mga dalubhasa na mabuti ang pagpapabakuna dahil ipinapakita ng mga pag-aaral na ligtas ang mga bakuna laban sa COVID-19 at napakahusay sa pagprotekta ng mga tao mula sa COVID-19. Tingnan ang Seksyon 1 para sa mahalagang impormasyon sa kaligtasan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19.
Tingnan din ang Ika-8 Tanong sa ibaba.

**Q5. Ilang taon ka dapat upang mabakunahan?**
A5. Inaprubahan ang bakuna ng Pfizer-BioNTech para sa mga taong 16 na taong gulang pataas. Inaprubahan ang bakuna ng Moderna para sa mga taong 18 taong gulang pataas. Alam ng taong magbibigay sa iyo ng bakuna kung alin ang tama para sa iyo.

**Q6. Ayaw kong pabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19. Ayos lang ba ito?**
A6. Sa ngayon, ang mga taong lampas sa 16 na taong gulang lang ang makakakuha ng bakuna laban sa COVID-19. Bilang isang magulang o legal na tagapag-alaga, ikaw ang magdedesisyon kung babakunahan ang iyong anak.

Napakahalagang protektahan ang iyong sarili at ibang tao sa paligid mo sa ibang paraan tulad ng pagsusuot ng mask, pananatiling malayo mula sa malalaking grupo ng tao, at paghuhugas ng iyong mga kamay nang madalas. Bisitahin ang website ng CDC dito para sa mas marami pang paraan ng pag-iwas sa COVID-19. Tingnan ang Mga Tanong at Sagot sa Seksyon 1 (sa itaas) para sa mahalagang impormasyon sa kaligtasan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19.

**Q7.  Paano kung ayaw kong mabakunahan laban sa COVID-19 ang anak kong nasa hustong gulang?**
A7.  Sa karamihan ng mga kaso, ang mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa pag-unlad ay maaaring magpasya kung nais nilang mabakunahan.

Kung may konserbador ang konsumidor, ang kautusan ng korte tungkol sa pagkakaroon ng konserbador ang magsasaad kung may legal na karapatan ang konserbador na gumawa ng mga desisyon tungkol sa “medikal na paggamot” tulad ng pagpapabakuna. Tingnan ang Mga Tanong at Sagot sa Seksyon 1 (sa itaas) para sa mahalagang impormasyon sa kaligtasan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19.

**Q8.  Paano kung ayaw kong magpabakuna laban sa COVID-19 dahil sa aking kapansanan at/o medikal na kondisyon?**
A8.  Kung mayroon kang medikal na kondisyon, mahalagang makipag-usap sa iyong (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga opsyon sa pagpapabakuna. May mas mataas na panganib ng pagkakasakit o pagkamatay mula sa COVID-19 ang mga nasa hustong gulang anuman ang edad na may ilang partikular na kapansanan at/o medikal na kondisyon, kaya dapat magdesisyon ka nang may buong kaalaman tungkol sa kung ika’y magpapabakuna o hindi. Iminumungkahi ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na maaaring magpabakuna ang mga taong may mga medikal na kondisyon basta’t hindi sila nagkaroon ng agarang o matinding allergic reaction sa isang bakuna laban sa COVID-19, o alinman sa mga sangkap ng bakuna.

**Q9.  Maaari bang ipag-utos sa akin ng aking (mga) tagapagkaloob ng serbisyo na magpabakuna laban sa COVID-19 o bigyan ako ng 30-araw na abiso kung hindi ako magpabakuna?**
A9.  Dapat magbigay ng pahintulot ang mga tao sa pagpapabakuna. Ipinag-uutos ng batas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo na galangin ang mga desisyon ng mga konsumidor/mamimili. Ang mga regulasyon ay nagbibigay sa mga konsumidor/mamimili ng karapatan na tanggapin o tanggihan ang pangangalagang medikal at mga serbisyong nauugnay sa kalusugan tulad ng mga bakuna, maliban sa ilang partikular na kaso. Maaaring kailanganin ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na sundin ng mga kalahok ang mga patnubay sa kaligtasan kabilang ang pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay at pagpapanatili ng 6 na talampakang distansya sa kapwa.

May mga limitadong dahilan kung bakit ang isang tagapagkaloob ng tirahan ay maaaring magbigay ng 30 araw na abiso at partikular na mga patakarang panregulasyon na dapat sundin ng mga tagapagkaloob. Hindi maaaring gawing rekisito ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang pagpapabakuna laban sa COVID-19.

Kung sa tingin mo ipinagkakait sa iyo ang iyong mga karapatan, may prosesong panregulasyon na dapat sundin. Maaaring makatulong ang Office of Clients' Rights Advocacy (OCRA). Maaaring gamitin mo ang mga numero sa ibaba upang tawagan ang OCRA:

- Hilagang California 1-800-390-7032 (TTY 877-669-6023)
- Timog California 1-866-833-6712 (TTY 877-669-6023)
- O maaari mong direktang tawagan ang tagapagtaguyod para sa iyong regional center sa numerong nakalista sa OCRA staff links page.

**Q10. Maaari bang papanagutin ang mga tagapagkaloob ng tirahan para sa pagtulong sa mga indibidwal na pinaglilingkuran nila na mabakunahan?**
A10. Kailangan ang pahintulot para sa bakuna. Kung nagbigay ng pahintulot ang konsumidor o kanilang legal na tagapag-alaga, ang pagtulong sa taong iyon na mabakunahan laban sa COVID-19 ay hindi isang bagay na dapat panagutan, at maaaring makatulong na protektahan ang kalusugan ng iba pang mga residente sa tirahan.

**Q11. Paano kung pinpresyur ako ng aking kasama sa kuwarto dahil hindi ako nagpabakuna o hindi ko gustong magpabakuna laban sa COVID-19?**
A11. May karapatan kang magdesisyon kung nais mong magpabakuna. Maaari kang ipresyur ng isang kasama sa kuwarto na magpabakuna, pero nasa iyo ang desisyon. Katulad din nito, may karapatan ang iyong kasama sa kuwarto na magdesisyon kung siya'y magpapabakuna.

**Q12. Maaari bang hilingin ng aking tagapag-empleyo na magpakita ng katibayan na nagpabakuna ako laban sa COVID-19?**
A12. Nakasaad sa gabay ng Federal Equal Employment and Opportunity Commission (EEOC) na maaaring hilingin sa iyo ng iyong tagapag-empleyo na magbigay ng impormasyon tungkol sa kung nakapagpabakuna ka na, tulad ng pagpapakita ng card sa pagpapabakuna. Ang card sa pagpapabakuna ay walang anumang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan o (mga) medikal na kondisyon. Hindi pinahihintulutan ang iyong tagapag-empleyo na magtanong ng anumang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan o (mga) medikal na kondisyon. Ipinapaliwanag din ng gabay ng EEOC na dapat magbigay ng makatuwirang kaluwagan ang mga tagapag-empleyo sa mga empleyadong tumatangging magpabakuna dahil sa kapansanan o mga paniniwalang nauugnay sa relihiyon.

**California Department of Developmental Services**
1600 9th Street, Sacramento, CA 95814
DDSC19@dds.ca.gov
www.dds.ca.gov